

Ota City Navigation



2020.03

2020 Naghahanap ng ambassador (Cool OTA-KU ambassador) para sa global na Ota City

Naghahanap ng mga "Cool OTA-KU ambassador" na siyang magpapalaganap ng halina at impormasyon ng Ota City.

- Kwalipikasyon: Dayuhang nasyonal higit sa 18 taong gulang at may kaugnayan sa Ota City tulad ng pagiging residente nito.
- Bilang ng tatanggapin: mga 10 katao
- Termino: Hunyo 2020 ~ Marso 2022 (Binabalak)
- Deadline: Kailangan dumating ng Abril 17, 2020 (Biyernes) ng 5:00 pm
- Paraan ng pag-aaply: Personal na pagdala ng application form, pagpapadala gamit ang koreo, pag-FAX o pag-e-mail.
- URL

http://www.city.ota.local/kokusaitoshi/ambassador_bosyu2019.html



Makipag-ugnayan para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan
Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323
E-mail kokusai@city.ota.tokyo.jp

Global City Ota Cooperation Association Consultation Desk sa Iba't Ibang Wika


Wika	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Ingles	10:00am ~ 5:00pm	10:00am ~ 5:00pm	10:00am ~ 5:00pm	×	10:00am ~ 5:00pm
Intsik	10:00am ~ 5:00pm	10:00am ~ 5:00pm	×	10:00am ~ 5:00pm	10:00am ~ 5:00pm
Tagalog	10:00am ~ 5:00pm	×	×	×	10:00am ~ 5:00pm
Nepalese	×	×	10:00am ~ 5:00pm	×	×
Vietnamese	×	×	×	10:00am ~ 5:00pm	×

- Maaaring kumonsulta sa abogado sa ika-1 at ika-3 Linggo ng buwan (1:00-5:00pm ng hapon). Kailangan ng reserbasyon.
- Maaari ding gumamit ng iba pang wika maliban sa nakasulat sa itaas. Mangyaring kumonsulta lamang.

Konsultasyon tungkol sa pamumuhay

Maaaring kumonsulta sa iba't-ibang linggwahe tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa pamumuhay tulad ng tungkol sa bata, pagpapakasal, pagdidiborsyo, trabaho at kahirapan sa komunikasyon.

Mayroon ding mga impormasyon tungkol sa mga Japanese language school at mga volunteer-organized Japanese class dito sa Ota City.



Para sa mga katanungan
Ota-ku Kamata 5-13-26 Consumer Center 1F
☎ 03-6424-8822 FAX 03-5710-6330
HP <https://www.ota-goca.or.jp/>
E-mail info@ota-goca.or.jp

Estado ng mga aktibidad ng mga boluntaryo ng international exchange

Sa Global City Ota Corporation Association (GOCA), buong taong nagrerecruit ng mga maaring magrehistro bilang boluntaryo. Sa kasalukuyan, mula sa edad ng pagtungtong ng senior high school hanggang 80 taon, mga 270 na iba't ibang klaseng katao ang nakarehistro. Ang mga boluntaryo ay tumutulong bilang staff sa araw ng event na inilunsad ng GOCA. Bilang miyembro ng executive committee, nakikilahok sila mula sa pagpapalano hanggang sa pag-implementa nito, o kaya gamit ang kanilang kasanayan sa wika, ay nagbibigay paliwanag sila sa mga sumasalang dayuhan sa mga event na ito. Bilang karagdagan, maari silang lumahok sa mga kursong pampataas ng kasanayang magagamit sa mga aktibidad ng boluntaryo at makakuha ng mga impormasyong may kinalaman sa international exchange sa loob ng Ota City. Sa hinaharap, pinaplanong dagdagan pa ang mga pagkakataon para makapagboluntaryo. Gusto mo bang magrehistro bilang boluntaryo ng international exchange at gumawa ng proyekto kasama ang GOCA?

||||||| Nakasaad sa baba ang estado ng mga kaganapan. |||||

Pagbigay suporta sa mga klase ng pagluluto ng mga dayuhang pagkain. Bago magsimula, makakuha ng paliwanag mula sa instructor, nagbigay ng suporta ang mga boluntaryo sa mga lumahok sa klase para sa mas maayos na pagluluto.



Sa multicultural exchange cafe na ginanap sa "Global City Ota Festival in 'Sora no Hi' Haneda", tumugon sila at nagtawag ng mga kustomer. Bilang karagdagan, ang mga boluntaryo mula sa mga dayuhang bansa ay aktibong lumahok sa mga aktibidad ng exchange tulad ng pagpapakilala ng kanilang bansa at pagsagot sa mga katanungan ng mga kustomer.



Noong "Japan Day", 18 katao ang nagboluntaryo bilang staff. Nagbigay suporta sa mga dayuhang kalahok ng Japan Cultural Experience Workshop at ipinakilala ang kultura gamit ang espesyal na kakayahan tulad ng origami. Tumulong din ang mga boluntaryo sa pagtanggap ng bisita at paggabay sa kanila, dahilan para sa mas maayos na pagpapatakbo ng event.



Mayroon ding mga kursong ibinibigay na pampadagdag kasanayan na magagamit sa aktibidad bilang boluntaryo ng international exchange. May mga kurso kaming pinaplano para sa mga boluntaryo ng wika tulad ng pag-aaral ng kasanayan ng interpretasyon at pagsasalin at mga pangunahing kurso sa public relations.



Bilang karagdagan, nagpapadala din ng mga anunsyo ng mga event at seminar na isinasagawa ng GOCA at mga event na may kinalaman sa international exchange sa loob ng siyudad.

◆◆ Mga pahayag ng mga nagboluntaryo ◆◆

- ◆ Unang beses pa lang akong nagboluntaryo pero sobrang natuwa ako.
- ◆ Nagkaroon kami ng isang makabuluhan at kasiya-siyang araw.
- ◆ Dahil sa pagboluntaryo, lumawak ang hanay ng mga aktibidad na maari kong gawin.

Hanggat maari, patuloy kaming magbibigay ng maraming pagkakataon sa mga boluntaryo at international exchange. Sumali na at magrehistro kayo bilang boluntaryo ng international exchange.

Para sa katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association

☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982

E-mail info@ota-goca.or.jp

URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Tungkol sa pagpaparehistro ng alagang aso at pagbabakuna sa rabies

1 Ayon sa Rabies Prevention Act ng Japan, ang mga may-ari ng aso ay nangangailang sundin ang mga sumusunod:

- 1 Ang mga asong na may edad na 91 araw o pataas mula nang ipanganak ay kailangan i-apply ng rehistrasyon sa mayor at kailangan makatanggap ng lisensya para sa mga aso sa loob ng 30 araw mula nang pagmamay-ari ng aso.
- 2 Ang mga domestikadong aso ay kailangang bigyang bakuna pa-ra sa rabies isang beses sa isang taon. Bilang karagdagan, dapat ipasa sa mayor ang sertipiko ng pagpapabakuna na inisyu ng be-terinaryo at kailangang kunin ang kasulatang nagsasabing naka-pagbabakuna ang aso.
- 3 Ang lisensya para sa mga aso at ang kasulatang ng pagpapabakuna ay kailangang laging nakasuot sa aso.



Lisensya para sa aso
Bayad sa pagpaparehistro
3,000 yen



2020 Singil sa pag-isyu ng kasulatang nagsasaad na nakapagbabakuna - 550 yen

2 Nagsasagawa ng [2020 Rabies Prevention Periodical Group Injection]. Basahin ang mga sumusunod para sa mga detalye.

Kailan Sa loob ng 10 araw mula Abril 11, 2020 (Sabado) hanggang Abril 20, 2020 (Lunes)

Saan Mga animal hospital na itinalaga ng Ota City (44 na lokasyon)

Magkano 3,750 yen
Breakdown ng bayarin: Singil para sa bakuna ng rabies - 3,200 yen, Singil sa pag-isyu ng kasulatang nagsasaad na nakapagbabakuna - 550 yen

Ilang tao Lahat ng may-ari ng aso


Paraan ng pag-apply Mangyaring dalhin ang inyong alagang aso sa animal hospital sa loob ng panahon ng implementasyon

Para sa mga katanungan Sanitation and Public Health Division Environmental Sanitation
☎ 03-5764-0670 FAX 03-5764-0711



Sundin natin ang mga patakaran sa pagtatapon ng basura

Mga recyclables at basura na tinatapon araw-araw mula sa bahay. Layunin mo nang paghiwalayin, ngunit sa katotohanan, hindi ka ba nagkamali o kahit papaano ay napaghiwalay mo ito? Ngayon, ay ipapakilala namin ang mga parte kung saan madalas nagkakamali ang mga tao sa paghiwalay ng basura. Muling balikan ang paraan ng paghiwalay at pagtatapon ng basura

<p>Una Malalaking basura</p>	<p>Ikalawa Pagkakaiba ng materyales</p>	<p>Ika-tatlo Paraan ng paghiwalay at pagtatapon ng bote</p>	
<p>Mga gamit na may pahabang sukat na 30cm o mas malaki pa. Ang paghiwalay-hiwalay o ang paglalagay sa bag ay maaaring makaambag sa paglaki ng basura.</p>	<p>Maaaring mag-iba ang paraan ng pagtatapon base sa klase ng materyales at kung ilang porsyento ang binubuo nito. Sundin ang pamamaraan ng pagtatapon ng materyal na may pinakamalaking porsyento.</p>		<p>Sa mga recyclables, lalong marami ang katanungan tungkol sa item na ito. Nakasalalay ang paraan ng pagtatapon ng bote sa kung gaano kadumi ito.</p>
	<p>Halimbawa kahit na parehong hanger</p>		<p>Dumi galling sa pagkain at inumin</p>
	<p>Nasusunog na basura Plastic, mga bagay na may malaking porsyento ng kahoy</p> 	<p>Hindi nasusunog na basura Mga bagay na may malaking porsyento ng metal.</p> 	<p>Dumi galling sa langis</p>
			<p>Mga bote ng juice, atbp. Recyclables • Hugasan at linisin ng tubig</p>
			<p>Bote ng kosmetiks o bote ng langis na ginagamit sa pagkain Di nasusunog • Hindi nagiging recyclables kahit hugasan</p>
			

Sa inyong pagbibigay ng maliit na pansin sa pagtatapon ng recyclables at basura ay nakakatulong sa paglilinis ng bayan at pagbabawas ng basura. Mangyaring sumangguni sa pamphlet para sa paraan ng pagtatapon ng mga bagay na hindi nakasaad sa itaas. Ang Ota City ay naghanda ng "Paraan ng paghiwalay at pagtatapon ng basura sa iba't ibang wika" (6 na wika na binubuo ng English, Chinese, Korean, Tagalog, Nepalese at Vietnamese)

Para sa mga katanungan
Sanitation Division Collection and Recycling Section
☎ 03-5744-1628
FAX 03-5744-1550

Tungkol paggawa ng Ota City Hazard Map sa iba't ibang wika (Lindol at Pinsala ng Bagyo)

Mayroong ginawang Ota City Hazard Map (Lindol at Pinsala ng Bagyo) na nakasalin sa English at Chinese. Nakasaad dito kung ano ang mga aksyon ang dapat gawin sa oras ng lindol, malakas na pag-ulan o bagyo, kung saan dapat lumikas at gaano kalaking pinsala ang dapat asahan. Upang maprotektahan ang sarili mula sa malalaking paglindol at malakas na pag-ulan, kumpirmahin muna nang maaga ang laki ng pinsalang dulot nito. Magsisimula ang pamimigay nito mula Abril 1, 2020 sa Disaster Preparation and Crisis Management Division, atbp. Ipapaalam ang detalye sa homepage ng Ota City, atbp.

<p>Kailan</p>	<p>Mula Abril 1, 2020</p>
<p>Saan</p>	<p>Disaster Preparation and Crisis Management Division, atbp.</p>
<p>Para sa mga katanungan</p>	<p>Disaster Preparation and Crisis Management Division ☎ 03-5744-1236 FAX 03-5744-1519 E-mail bousai@city.ota.tokyo.jp</p>